

Ano ang Papilloma Virus (HPV)?

Ang virus mula sa HPV ang pinaka-karaniwang virus na naililipat sa pamamagitan ng sex na maaaring makuha kahit na hindi ganap ang pakikipagtalik. Ang condom, na dapat na parating gamitin, ay hindi tiyak na pangkabuuang proteksyon laban sa virus na ito. **Humigit kumulang sa pitumpu't limang porsyento ng mga tao ang nagkakaroon ng virus na HPV nang hindi bababa sa isang beses sa kanilang buhay.**

Ang ilang mga uri ng HPV ay maaaring magdulot ng mga pinsala na sa kalaunan, ay maaaring maging bukol sa cervix ng matris. Sa katunayan, ang virus na HPV ang dahilan ng mga kanser sa cervix, ang unang kanser na kinikilala ng Samahan ng Pandaigdigang Kalusugan na maiuugnay sa virus.

Bakit kailangang magpabakuna?

Dahil ang bakunang ito ang magsisilbing pananggalang sa kanser sa cervix na nagiging sanhi ng **humigit kumulang sa 75% ng mga kaso ng mga papilloma virus na kabilang sa uri na "16" at "18"**. Ang mga side effect na **maaaring** maranasan matapos ang pagpapabakuna (bahagyang pamumula sa bahaging binakunahan at kung minsan ay lagnat) ay magaan lamang at karaniwang panandalian.

Para kanino ang pagpapabakuna?

Ito ay para sa lahat ng mga babaeng may edad mula labingdalawa.

Bakit kailangang magpabakuna nang ganito kaaga?

Dahil mas mabisa ang epekto nito sa sistema ng katawan sa ganitong antas ng edad kung kaya't mas mataas ang magiging benepisyo. Bukod dito **napakabisa ng bakuna kung ito ay ginawa habang hindi pa nakikipagtalik dahil ginagarantiya nito ang isang napakahalagang proteksyon bago pa man mahawa sa virus na HPV.**

Para kanino ito libre?

Ang pagpapabakuna ay walang anumang bayad para sa mga babaeng naninirahan sa Toscana **na may edad na nasa pagitan ng labingdalawa at labingwalo**

Sa paanong paraan isasagawa ang pagbabakuna?

Tatlong bakuna sa mga masel ng braso ang isasagawa sa loob ng anim na buwan.

Ang bakuna ba ay pamalit sa regular na screening (Pap Test)?

Hindi, ang bakuna ay hindi pamalit sa regular na screening para sa tumor sa cervix (Pap Test) ngunit ito ay bahagi ng programa ng maagang pagdadayagnos (Pap Test at iba pa).

Saan magpapabakuna?

Sa mga sentro para sa pagbabakuna ng mga tanggapan ng Usl ng Toscana, kung saan maaari ding makakuha ng lahat ng mga impormasyong kinakailangan ng mga babae at ng kanilang mga magulang.

Para mas malaman pa ang tungkol dito

Ang lahat ng mga impormasyon tungkol sa programang pagbabakuna laban sa Papilloma Virus (HPV) ay makikita sa website na pang-rehiyong www.regione.toscana.it/iointantomivaccino. Tumawag sa numero verde ng rehiyon **800 556060** (libre) o pumunta sa Uffici Relazioni sa publiko ng mga Aziende sanitarie sa Toscana.

Azienda sanitaria	Telepono	Azienda sanitaria	Telepono
AUSL 1 Massa Carrara	800 565509	AUSL 8 Arezzo	0575 254000
AUSL 2 Lucca	800 869143	AUSL 9 Grosseto	800 320651
AUSL 3 Pistoia	800 861213	AUSL 10 Firenze	840 003003 gamit ang landline
AUSL 4 Prato	800 017835		199 175955 gamit ang cellphone
AUSL 5 Pisa	0587 273090	AUSL 11 Empoli	0571 7051
AUSL 6 Livorno	800 030808	AUSL 12 Viareggio	800 297211
AUSL 7 Siena	0577 767777		



www.regione.toscana.it/iointantomivaccino

**Para sa iyong babaeng
anak na lumalaki
mabuti nang
magpabakuna ngayon
kaysa magkaroon
ng HPV bukas**



**Isa itong mahalagang
pananggalang.
Ang kailangan lang ay
magpabakuna
sa tamang oras.**

